Gamot na Nagpapagaling ng Peptic Ulcer

- **Paunang Salita**
- **Paggamot**
- **Gamot na nagpapagaling ng Peptic Ulcer**
- **Mga karaniwang Epekto at Pag iingat sa mga gamot na nagpapagaling sa Peptic Ulcer**
- **Pangkalahatang payo sa pag inom ng gamot na nagpapagaling sa Peptic Ulcer**
- **Pakikipag usap sa inyong Doktor**
- **Pag-iimbak ng gamot**
- **Iba pang impormasyon sa pangasiwaan sa iyong peptic ulcer**

Paunang Salita

Ang peptic ulcer ay mga bukas na sugat na namumuo panloob na linya ng esophagus (esophageal ulcer), tiyan (gastric ulcer) at sa bandang itaas na bahagi ng inyong bituka (duodenal ulcer). Mayroong linya ng uhog na bumabalot sa digestive tract na pumoprotekta laban sa asido. Maaaring magkaroon ng ulcer kung ang asido ay tumaas at ang dami ng uhog ay mabawasan, at dahil dito ay kakainin ng asido ang panloob na linya ng digestive tract, na magreresulta sa masakit na nabukas na sugat. Ang mga pasyente ay maaaring magkaroon ng kumplikasyon tulad ng pagdurugo, pagbabara, o pagkakabutas.

Ang pinaka karaniwang sintomas ng peptic ulcer ay ang pagsakit ng tiyan. Karaniwang mararamdaman ang sakit saan man mula sa iyong pusod pataas sa iyong dibdib, at maaaring lumala kapag walang laman ang iyong tiyan at nagiging mahapdi sa gabi. Kabilang sa iba pang hindi gaanong karaniwang sintomas ay ang matunawan, heartburn, pagduduwal, pagsusuka ng dugo, maitim na kulay ng dumi, pagkawala ng gana sa pagkain, at ang hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang.

Ang peptic ulcer ay kadalasang sanhi ng alinmang impeksyon mula sa bacteria na *Helicobacter pylori (H. pylori)* o ang regular na paggamit ng non-steroidal na gamot sa pamamaga (NSAIDs), isang uri ng pampawala ng sakit. Bukod pa rito, mayroong iba pang mga kadahilanan na maaaring magpataas ng tyansa sa pagkakaroon ng peptic ulcer, tulad ng paninigarilyo, pag inom ng alak, hindi magandang paraan ng pagkain at hindi maiiwasang stress.

Paggamot

Payo sa paraan ng pamumuhay

Ang mga kadahilanan sa paraan ng pamumuhay tulad ng dyeta at stress ay maaaring makalala sa sintomas ng ulcer. Bagkos, ang malusog na paraan ng pamumuhay at magandang gawi sa pagkain ay makakatulong sa mabilis na paggaling ng ulcer, tulad ng:

- Kumain lamang ng kaunti ngunit madalas sa regular na oras.
- Iwasan ang maanghang o mga pagkain na malakas maka irita sa sikmura;
- Huwag manigarilyo at iwasan ang paginom ng alcohol at mga inuming pampalakas, tulad ng kape at matapang na tsaa;
- Uminom ng gatas at kumain ng pagkaing gawa sa gatas na maaaring makabawas sa sakit.;
- Iwasan ang mga sitwasyon na nagbibigay ng stress at pag-aalala; at
- Regular na mag ehersisyo upang makatulong marelax.

Gamot na Nagpapagaling ng Peptic Ulcer

Dapat na kumonsulta sa doktor o ibang pang propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan para sa karampatang paggagamot sa peptic ulcer. Sa pangkalahatan, ang paggagamot sa peptic ulcer ay naka depende kung ang dahilan ba nito ay ang impeksyon na *H.pylori*, NSAID o pareho. Kung ito ay sanhi sa Impeksyon ng *H.pylori*, ang paraan ng pag aalis ay ang pag inom sa kombinasyon kurso ng antibiotic at ng gamot na antisecretory tulad ng proton pump inhibitor (PPI). Sakaling ito ay sanhi ng paggamit ng NSAIDs, kinakailangan itigil ang NSAID kung posible, at ang isa hanggang dalawang kurso ng gamot na antisecretory tulad ng PPI o Histamine-2 receptor antagonist ang kinakailangan. Kung ang peptic ulcer ay sanhi ng kombinasyon ng paggamit ng NSAIDs at impeksyong *H.pylori*, dalawang buwang kurso ng PPI at kurso ng therapy sa pag-aalis ang ibibigay. Ang iba pang paraan ng paggamot sa peptic ulcer ay ang antacid at cytoprotective agents.

1. Antibiotics

Para sa ulcer na sanhi ng impeksyong *H.pylori*, sasabihan kayo na uminom ng dalawa o tatlong antibiotics kasabay ng PPI. Mayroong magandang ebidensya na ang therapy sa pag aalis nito ay may benepisyo parehas sa paggaling ng ulcer at sa pag iwas na bumalik ito, lalo na ang duodenal ulcer. Ang karaniwang ginagamit na antibiotic ay

amoxicillin, clarithromycin, metronidazole at tetracycline. Sila ay mga gamot na inirereseta lamang at mabibili sa maraming anyo ng dosis tulad ng tableta at kapsula.

2. Proton pump inhibitors (PPIs)

Direktang pinipigilan ng PPIs ang paggawa ng gastric acid sa pamamagitan ng pagharang ng proton pumps sa gastric parietal cell na responsable sa paglalabas ng gastric acid, na syang magsisimula ng paggaling ng ulcer. Ang epekto ng pagpigil sa produksyon ng gastric ulcer ay mas malakas kaysa sa Histamine-2 receptor antagonists. Kasama dito ang gamot pang botika lamang na omeprazole; at ang inireresetang gamot na lansoprazole, rabeprazole, esomeprazole at aripiprazole. Ang Pantoprazole ay inirereseta sa pangkalahatan; maliban kung ito ay sa tableta o kapsula na naglalaman ng 20mg (o mas mababa) at tatak na may pinakamataas na arawang dosis na 20mg para guminhawa sa sintomas ng heartburn, sintomas na nauugnay sa acid reflux ng pasyente na edad 18 pataas, sa pakete para sa suplay na di hihigit sa 7 araw, at ito ay maaaring itinda sa botika ng walang reseta.

Mabibili ang PPIs sa iba't ibang porma ng dosis tulad ng tableta, kapsula at injection.

3. Histamine-2 receptor antagonist

Ang histamine-2 receptor antagonist ay pumipigil sa paglabas ng gastric acid sa pamamagitan ng pagharang sa kilos ng histamine (isang endogenous biochemical na nakikita sa katawan ng tao na tumutulong sa paglabas ng gastric acid). Halimbawa ay ang mga cimetidine, famotidine, at ranitidine. Ang porma para sa dosis na iniinom (hal. tableta, kapsula, at syrups) ay mabibili nang hindi kailangan ng reseta.

4. Antacids

Ang antacid ay hindi makakapagpapagaling ng ulcer, pero kaya nitong i-neutralize ang kasalukuyang asido sa tiyan, na nagpapaginhawa o nag-aalis ang iritasyon at butas sa pader ng tiyan sa lugar ng ulcer at makapagbibigay ng mabilis na ginhawa sa sakit. Ang antacid ay karaniwang ibinibigay sa pagitan ng pagkain at pagtulog kung kailan kadalasang nalitaw ang sintomas ng gastric hyperacidity. Ang karaniwang halimbawa ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta ay aluminium hydroxide, magnesium trisilicate, calcium carbonate, at sodium bicarbonate, at sila ay iniinom sa porma ng nginunguyang tableta at likido.

5. Cytoprotective agents

Ang Cytoprotective agents ay tumutulong na pangalagaan ang tissues na nakahanay sa iyong tiyan at maliit na bituka. Kasama ang inireresetang gamot na prostaglandin

analogues, na pumipigil sa paglabas ng gastric acid na gumagawa ng aksyon sa parietal cell at nagtataguyod ng paghilom ng gastric at duodenal ulcers. Ang misoprostal ay isa sa mga halimbawa at mabibili ito sa tableta. Bukod sa mga gamot na chelates na hindi na kailangan ng reseta at mga complex ay rin nabibilang dito. Ang Chelates at Complexes ay binabalot ang ibabaw ng ulcer sa pamamagitan ng pagbuo ng adherent complex na may protina, upang maprotektahan ito mula sa mas mahigit pang sira mula sa gastric acid at magtaguyod ng paghilom. Ang sucralfate ay isa sa mga halimbawa na mabibili sa tableta at suspensions.

Mga karaniwang Epekto at Pag iingat sa mga gamot na nagpapagaling sa Peptic Ulcer

Uri ng Gamot	Karaniwang Epekto	Mga Pag iingat
1. Antibiotics		
Amoxicillin	• Pantal sa katawan • Gastrointestinal adverse effect tulad ng pagtatae, pagduduwal at pagsusuka	• Itigil ang pag-inom ng gamot kapag nagkaroon ng pantal • Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may glandular fever, lymphatic leukaemia o impekysong HIV • Iwasang ipagamit sa mga pasyenteng may penicillin hypersensitivity
Clarithromycin	• Banayad na gastrointestinal disturbance tulad ng pagduduwal, pagsusuka, hindi maginhawang pakiramdam na sikmura at pagtatae • Pagbabago ng pang-amoy at panlasa • Stomatitis • Glossitis • Sakit ng ulo	• Gamitin ng may pag iingat sa pasyenteng may myasthenia gravis, renal o kapansanan sa atay • Iwasan gamitin ng buntis

Metronidazole	• Gastrointestinal disturbance tulad ng pagduduwal at pagsusuka • Hindi kanais nais na panlasang metal • Pamamaga ng papillae ng dila • Oral mucositis • Anorexia	• Iwasan ang mga inuming alkohol o pagkain; kung di ay may masamang epekto ang lilitaw tulad ng pagsusuka • Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may blood dyscrasias, sakit sa central nervous system at malalang kapansanan sa atay • Iwasan gamitin sa mga buntis
Tetracycline	• Gastrointestinal adverse effect tulad ng pagtatae, pagduduwal at pagsusuka • Dysphagia • Oesophageal irritation • Photosensitivity • Hypersensitivity reactions • Pagkakaroon ng ibang kulay sa balat • Permanenteng diskolorasyon ng ngipin sa mga bata o mga sanggol (kung ibibigay sa bata ng direkta o sa buntis)	• Uminom ng gamot na may sapat na tubig upang maiwasan ang oesophageal ulceration • Hindi dapat ibigay sa mga buntis o nagpapa susong babae at mga batang edad 12 pababa. • Iwasan gamitin sa mga pasyenteng may acute porphyria • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa atay o bato, myasthenia gravis, at systemic lupus erythematosus • Iwasan mabilad sa ilalim ng araw • HINDI dapat isabay ang pag inom ng tetracycline sa antacid, mga minerals (tulad ng calcium at iron) o gatas nang sabay. Kailangang inumin sila ng bukod, na may palugit na mga 2 o 3 oras na pagitan.

2. Proton Pump inhibitors (PPI)	• Gastrointestinal disturbances tulad ng pagduduwal, pagsusuka, pagtatae at paninigas ng dumi • Sakit ng ulo • Pantal • Pruritus • Pagkahilo • Pagod • Panunuyo ng bibig • Peripheral oedema	• Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa atay • Mga pasyenteng may mataas ang tyansa ng osteoporosis ay kinakailangang magpanatili ng pag-inom ng bitamina D • Ang mga PPI ay naiuugnay sa kaunting kaso ng subacute cutaneous lupus erythematosus (SCLE). Kapag may lumitaw na sugat, lalo na kung nakalitaw sa bahagi ng balat na madalas nakalitaw sa araw, at may kasamang arthralgia, ay kailangang humanap agad ng medikal na tulong.
3. histamine-2 receptor antagonists	• Pagtatae • Pagkahilo • Pagkapagod • Sakit ng Ulo • Pagpapantal	• Iwasan gumamit ng cimetidine habang nagpapasuso • Gamitin ang Cimetidine ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa atay • Maaaring mabawasan ng Cimetidine ang pagsipsip sa mga piling gamot (hal. ketoconazole) at pigilan ang hepatic metabolism ng karamihang gamut (hal. phenytoin, oral anticoagulants). Ang kombinasyon ng mga gamot na ito ay dapat iwasan o gamitin ng may pag-iingat.

4. Antacids	• Ang Aluminum salts ay maaaring magdulot ng paninigas ng dumi, habang ang magnesium salts ay maaaring magdulot ng pagtatae.	• Uminom ng antacids at iba pang gamot na may 2 o 3 oras na pagitan upang maiwasan ang pag-uugnay. • Iwasan ang paggamit ng sodium bicarbonate sa mga pasyente na dapat magkontrol sa pagkonsumo ng sodium (hal. sakit sa puso, mataas na presyon ng dugo sakit sa bato, cirrhosis o pagbubuntis)
5. Cytoprotective Agent		
Misoprostol	• Pagtatae • Iba pang gastrointestinal effects tulad ng pananakit ng tiyan, hindi natunawan, kabag, pagduduwal at pagsusuka • Madalas na pag-ihi at abnormal na pagdurugo ng ari • Mga Pantal • Sakit ng Ulo • Pagkahilo	• Iwasan gamitin sa mga buntis at sa mga nagpa planong magbuntis • Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa pamamaga ng bituka
Sucralfate	• Paninigas ng dumi • Iba pang gastrointestinal effects tulad ng pagtatae, pagduduwal, hindi natunawan at kabag • Pagkahilo • Pananakit ng Ulo	• Gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may kapansanan sa bato

Pangkalahatang payo sa paginom gamut na nagpapagaling sa peptic ulcer

- Maraming kadahilanan na maaaring makaapekto sa paghilom ng ulcer. Malusog

na pamumuhay at maayos na pamamaraan sa pagkain ay maaaring makapag pabilis sa paghilom ng ulcer.

- Ang mga gamot na nakapagpapagaling sa peptic ulcer ay kinakailangang gamitin ayon sa medikal na direksyon at kinakailangang sundin ng pasyente ang rehimen ng paggagamot.
- Para sa sakit na peptic ulcer na sanhi ng impeksyong *H.pylori*, ang pagsusuri (mas mabuti ang urea breath test) ay dapat gawin ng di bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng paggagmot upang makumpirmang wala na ang sakit.
- Maging pamilyar sa mga pangalan at dosis ng gamot na inyong iniinom. Inumin ang gamot ayon sa tagubilin na tatak ng pakete o polyeto sa loob. Maging maingat sa mga posibleng masamang epekto at kapag nagpatuloy, magtanong sa doktor para sa payo.
- Kapag nagpatuloy ang sakit kahit pa ginagamot ito, makipag usap sa inyong doktor para sa tamang pagagagmot

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Palaging hingin ang payo ng doktor para sa pinaka magandang paraan ng paggagamot. Ang inyong doktor ay gagamitin ang naangkop na gamot pagkatapos ikonsidera ang inyong kondisyon at ang inyong tugon sa pag inom nito.
- Abisuhan ang doktor sa iyong medikal na kasaysayan at ang gamot na iniinom dahil ang ibang gamot na mapapasama sa gamot sa peptic ulcer at ang ibang sakit ay maaaring mangailangan ng espesyal na panuntunan sa pag-iingat
- Humingi agad ng payong medikal kung kayo ay makaranas ng anumang masamang epekto na pinagsususpetsahang may kaugnayan sa gamot sa peptic ulcer.
- Huwag magsagawa ng sariling paggagamot sa sakit na peptic ulcer ng mga produktong pangkalusugan ayon sa sinasabi nito maliban kung sinabi ng isang propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan.

Pag iimbak ng Gamot

Ang mga gamot ay kinakailangang iimbak sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung sinasabi sa tatak, ang mga gamot ay hindi maaaring iimbak sa refrigerator. Bukod pa dito, ang mga gamot ay kinakailangang nakatago ng maayos na lugar na hindi maaabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng paginom nito.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng inyong peptic ulcer

Maaaring sumangguni sa mga sumusunod na link para sa iba pang impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng inyong peptic ulcer:
https://www.chp.gov.hk/en/static/80053.html

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Gamot ay gustong pasalamatan ang Propesyonal na Kaunlaran at Katiyakan sa Kalidad (PD&QA) at ang The Centre of Health Protection (CHP) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa paghahanda ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Disyembre 2020